CITY COUNCIL

RAYMOND A. BUENAVENTURA
RODERICK DAUS-MAGBUAL
PAMELA DIGIOVANNI
JUSLYN C. MANALO
GLENN R. SYLVESTER

SHAWNNA MALTBIE
CITY MANAGER

K. ANNETTE HIPONA
CITY CLERK

DANECA M. HALVORSON
CITY TREASURER

PHONE (650) 991-8008

OFFICE OF THE CITY COUNCIL
CITY OF DALY CITY
333 - 90TH STREET
DALY CITY, CA 94015-1895

PAUNAWA SA LAHAT NG EMPLEYADO

Sa ilalim ng isang bagong batas sa Lungsod ng Daly City, lahat ng kawani sa ilang mga tindahan ng gamot, grocery, at pakyawan ay dapat bayaran ng bonus na sahod ng $5.00 kada oras bilang pagkilala sa panganib na iyong kinakaharap bilang isang kinakailangang manggagawa sa panahon ng pandemik dulot ng COVID-19. Napagpasiyahan ng iyong pinaglilingkuran na karapat-dapat ka sa bonus na ito.

Ito ay nangangahulugan na ikaw ay may karapatan na makatanggap ng isang karagdagang $5 kada oras bilang bonus sa suweldo, karagdagan sa iyong regular na suweldo sa mga oras na ipinagtrabaho at sa anumang araw ng pagdiriwang na dapat bayaran.

- Ang bonus sa suweldo ay angkop sa lahat ng oras na iyong pinagtatrabahan sapul Marso 8, 2021.
- Ang bonus ay magtatapos sa hatinggabi ng Hulyo 8, 2021
- Ang bonus ay angkop sa lahat ng kawani, kabilang na ang part-time at pansamantalang mga empleyado
- Kung nakatanggap ka na ng bonus na sahod na may kaugnayan sa COVID-19, ang bonus na iyon ay dapat katumbas ng $5 kada oras. (Halimbawa, kung makatanggap ka ng $2.00 kada oras bonus, makakatanggap ka na ngayon ng karagdagang $3.00 bawat oras.)

Gayundin, kung kailangan mong mag-ukol ng oras upang mabakunahan laban sa COVID-19 sa panahon ng iyong nakaiskedyul na oras ng trabaho, mayroon kang karapatang gamitin ang panahong bayad na nakatakda sa oras ng pagkakasakit (hanggang apat na oras). Maaari hilingin ng iyong pinaglilingkuran na magpakita ng katibayan na may nakumpirma kang tipan sa araw na nabagggit. Ito ay angkop sa mga bakuna sa pagitan ng Marso 8 at Hulyo 8, 2021.

Kung sa palagay mo ay hindi nasunod ng iyong pinaglilingkuran ang bagong batas na ito, may karapatan ka ring humingi ng sumasang-ayong bonus na suweldo o magsampa ng kaso para mabawi ang anumang suweldo na pinaniniwalaan mong hindi nabayaran.

Ang iyong pinaglilingkuran ay hindi maaaring bawasan ang iyong oras ng pagtatrabaho, patalsikin ka sa trabaho, kung hindi man ay gumanti sa iyo dahil sa paggamit ng mga karapatang ito.

Ang isang kopya ng batas ay makukuha sa website ng Lunsod sa *https://www.dalycity.org*